# 10 HAKBANG

## Upang Bigyang Prayoridad ang Kadalubhasaan ng Komunidad sa Pagpaplano ng Pag-unlad

*Ang Global Advocacy Team (GAT) ay nagtitipon ng mga kahanga-hangang organisador ng komunidad mula sa iba't ibang panig ng mundo upang magsagawa ng pananaliksik na pinamumunuan ng komunidad, kasama ang 945 tao mula sa 7 bansa. Pinapakilos ng mga miyembro ng GAT ang kanilang mga komunidad upang baguhin kung paano idinidesenyo, pinopondohan, at isinasagawa ang pag-unlad. Ang tatlong taong sama-samang pagsisikap, na iniugnay ng International Accountability Project, ay nagbunga ng isang komprehensibong pandaigdigang ulat na naglalaman ng mga lokal na resulta at rekomendasyon upang maisakatuparan ang tunay na pagpaplano para sa pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad. Basahin ang ulat: https://bit.ly/GAT-Report-2024*

1. Palakasin ang pamumuno at pag-aari ng komunidad sa mga proyektong pangkaunlaran

2. Itaguyod ang mga solusyong pinamumunuan ng komunidad para sa tunay na pagbabago sa lipunan

3. Tiyakin ang Free, Prior and Informed Consent (FPIC) sa buong proseso ng pag-unlad

4. Baguhin ang sistema ng kaalaman upang palayain ang pag-unlad mula sa kolonyal na pag-iisip at linangin ang kritikal na pag-iisip

5. Gamitin ang mga planong pangkaunlaran na pinamumunuan ng komunidad bilang pundasyon sa paghahanda ng badyet ng pamahalaan

6. Ihanay ang pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad sa katarungang pangkalikasan at pangklima para sa mga susunod na henerasyon

7. Igalang at isama ang mga katutubong sistema ng pamamahala at tradisyunal na pamamaraan

8. Bigyang prayoridad ang interseksyonalidad sa mga plano ng pag-unlad

9. Protektahan ang ligtas na espasyong sibiko at pigilan ang panganib sa mga miyembro ng komunidad

10. Itigil ang pagbibigay prayoridad sa mga interes ng korporasyon sa proseso ng pagpapasya sa pag-unlad

## 1. Palakasin ang pamumuno at pag-aari ng komunidad sa mga proyektong pangkaunlaran

Ang pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad ay nagbibigay prayoridad sa makabuluhang partisipasyon at kadalubhasaan ng komunidad sa lahat ng yugto ng pagpapasya upang matiyak ang malinaw, may pananagutan, at inklusibong proseso. Sa pamamagitan ng paghubog ng kanilang mga layunin sa pag-unlad, ang mga komunidad ay maaaring tunay na maging mga pinuno ng kanilang kinabukasan.

## 2. Itaguyod ang mga solusyong pinamumunuan ng komunidad para sa tunay na pagbabago sa lipunan

Ang pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad ay nagbibigay kapangyarihan sa mga marhinalisadong komunidad upang tugunan ang mga isyung istruktural, pagtataguyod ng tunay na pagbabagong panlipunan na may respeto sa kanilang mga kultura, nagsusulong ng malusog na kapaligiran, at tinitiyak ang kanilang makabuluhang partisipasyon sa buong proseso.

## 3. Tiyakin ang Free, Prior and Informed Consent (FPIC) sa buong proseso ng pag-unlad

Ang proseso ng pag-unlad ay dapat magsimula sa sama-samang pagpapasya at pahintulot mula sa komunidad, na nakabatay sa ganap na kaalaman sa impormasyon at komprehensibong pagsusuri. Dapat mapanatili ng komunidad ang karapatang bawiin ang kanilang pahintulot.

## 4. Baguhin ang sistema ng kaalaman upang palayain ang pag-unlad mula sa kolonyal na pag-iisip at linangin ang kritikal na pag-iisip

Ang kaalaman at datos ng komunidad ay dapat kilalanin bilang kapani-paniwala sa pagpaplano ng pag-unlad. Ang mga lokal na pagsisikap tungo sa pag-unlad ay dapat iugnay sa pandaigdigang konteksto, na bumubuo ng mga alyansa at pagkakaisa upang makamit ang mga layuning pinamumunuan ng komunidad.

## 5. Gamitin ang mga planong pangkaunlaran na pinamumunuan ng komunidad bilang pundasyon sa paghahanda ng badyet ng pamahalaan

Ang pagpaplano ng pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad ay nagsasama ng mga pananaw ng komunidad sa pamamahagi ng mga rekurso. Ang mga inisyatibang pinamumunuan ng komunidad ay dapat suportahan ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng kinakailangang pondo at rekurso para sa paglikha at pagpapatupad ng mga plano ng komunidad.

## 6. Ihanay ang pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad sa katarungang pangkalikasan at pangklima para sa mga susunod na henerasyon

Ang pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad ay nagbibigay prayoridad sa kapakanan ng lipunan at kapaligiran at karapatan ng mga susunod na henerasyon. Ang katutubong kaalaman at lokal na karunungan ay mahalaga at isinama sa mga plano at estratehiya sa pagpapapagaan at pag-aangkop sa klima.

## 7. Igalang at isama ang mga katutubong sistema ng pamamahala at tradisyunal na pamamaraan

Ang katutubong kaalaman, tradisyon, pagkakakilanlan, at mga nakaugaliang batas ay pinangangalagaan at itinataguyod bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pag-unlad habang tinitiyak na ang mga katutubong komunidad ay malaya sa anumang banta ng pagpapaalis.

## 8. Bigyang prayoridad ang interseksyonalidad sa mga plano ng pag-unlad

Ang pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad ay dapat maglingkod sa mga inaapi, isinasaalang-alang ang magkakaugnay na mga pagkakakilanlan at dinamika ng kapangyarihan. Ang mga pananaw at boses ng kababaihan ay dapat kilalanin at itaguyod, upang matiyak ang pantay na oportunidad at partisipasyon.

## 9. Protektahan ang ligtas na espasyong sibiko at pigilan ang panganib sa mga miyembro ng komunidad

Ang pag-unlad na pinamumunuan ng komunidad ay nangangailangan ng ligtas na espasyong sibiko at espasyong nagbibigay-daan para sa mga miyembro ng komunidad na ipahayag ang kanilang mga opinyon at saloobin, at piliin ang uri ng pag-unlad na kailangan at nais ng komunidad nang walang anumang banta ng paghihiganti.

## 10. Itigil ang pagbibigay prayoridad sa mga interes ng korporasyon sa proseso ng pagpapasya sa pag-unlad

Ang pag-unlad ay dapat pakinabangan ng mga miyembro ng mga komunidad, hindi ang mga korporasyon. Dapat may mga espasyo na pinamumunaan ng komunidad upang palakasin ang pamamahala ng lahat ng kasangkot at pagpapasya sa loob ng proseso ng pag-unlad. Ang mga pribadong aktor ay dapat managot sa mga pinsalang dulot ng agresibong pag-unlad.